Awit 34

"1 AkingAking pupurihin ang PANGINOON sa buong panahon: ang pagpuri sa kaniya ay laging sasa aking bibig. 2 Ang aking kaluluwa ay maghahambog sa PANGINOON: maririnig ng maamo at masasayahan. 3 Oh dakilain ninyo na kasama ko ang PANGINOON, at tayo'y mangagbunyi na magkakasama ng kaniyang pangalan. 4 Aking hinanap ang PANGINOON, at sinagot niya ako, at iniligtas niya ako sa lahat ng aking mga katakutan. 5 Sila'y nagsitingin sa kaniya, at nangaliwanagan: at ang kanilang mukha ay hindi malilito kailan man. 6 Itong abang tao'y dumaing, at dininig siya ng PANGINOON. At iniligtas siya sa lahat niyang mga kabagabagan. 7 Ang anghel ng PANGINOON ay humahantong sa buong palibot ng nangatatakot sa kaniya, at ipinagsasanggalang sila. 8 Oh inyong tikman at tingnan ninyo na ang PANGINOON ay mabuti: mapalad ang tao na nanganganlong sa kaniya. 9 Oh mangatakot kayo sa PANGINOON, kayong mga banal niya: sapagka't walang kakulangan sa kanila na nangatatakot sa kaniya. 10 Ang mga batang leon ay kinakapos at nagtitiis ng gutom. Nguni't silang nagsisihanap sa PANGINOON ay hindi kukulangin ng anomang mabuting bagay. 11 Magsiparito kayo, kayong mga anak, dinggin ninyo ako: aking tuturuan kayo ng pagkatakot sa PANGINOON. 12 Sinong tao ang nagnanasa ng buhay, at umiibig sa maraming kaarawan upang makakita siya ng mabuti? 13 Ingatan mo ang iyong dila mula sa masama. At ang iyong mga labi sa pagsasalita ng karayaan. 14 Lumayo ka sa kasamaan, at gumawa ka ng mabuti; hanapin mo ang kapayapaan at habulin mo. 15 Ang mga mata ng PANGINOON ay nakatitig sa mga matuwid, at ang kaniyang mga pakinig ay nakabukas sa kanilang daing. 16 Ang mukha ng PANGINOON ay laban sa kanila na nagsisigawa ng kasamaan, upang ihiwalay ang alaala sa kanila sa lupa. 17 Ang matuwid ay nagsidaing, at dininig ng PANGINOON, at iniligtas sila sa lahat nilang mga kabagabagan. 18 Ang PANGINOON ay malapit sa kanila na may bagbag na puso, at inililigtas ang mga may pagsisising diwa. 19 Marami ang kadalamhatian ng matuwid; nguni't inililigtas ng PANGINOON sa lahat. 20 Kaniyang iniingatan ang lahat niyang mga buto: wala isa man sa mga yaon na nababali. 21 Papatayin ng kasamaan ang masama: at silang nangagagalit sa matuwid na tao ay kikilanling may sala. 22 Tinutubos ng PANGINOON ang kaluluwa ng kaniyang mga lingkod: at wala sa nagsisipagkanlong sa kaniya ay kikilanling may sala." (Awit 34:1-22 KJV)

Tinulungan ng Dios si Haring David para iligtas siya mula kay Haring Saul at pinagkalooban siya ng karunungan kung paano magpakatao at kumilos at sa mga di mananampalataya nang tumakas siya mula sa kanila. Nang pumunta siya kay Abimelek, na karaniwang pangalan para sa mga hari ng mga Filisteo na ibig sabihin ay ***'ama hari',*** ito ang binanggit sa simula ng Awit na ito at siya rin ay si Achis na hari ng Gat; doon binigyan ng Dios si David ng karunungan para magpanggap na baliw, at dahil dito pinaalis siya ng hari mula sa kanyang hukuman at presensya, at ito ang naging dahilan para mailigtas ang kanyang buhay gaya ng mababasa natin dito. ***"11 At sinabi ng mga lingkod ni Achis sa kaniya, Hindi ba ito'y si David na hari sa lupain? Hindi ba pinagaawitanan siya sa mga sayaw, na sinasabi, Pinatay ni Saul ang kaniyang libolibo, At ni David ang kaniyang laksalaksa? 12 At iningatan ni David ang mga salitang ito sa kaniyang puso, at natakot na mainam kay Achis na hari sa Gath. 13 At kaniyang binago ang kaniyang kilos sa harap nila at nagpakunwaring ulol sa kanilang mga kamay, at nagguhit sa mga pinto ng pintuang-daan, at pinatulo ang kaniyang laway sa kaniyang balbas. 14 Nang magkagayo'y sinabi ni Achis sa kaniyang mga lingkod, Narito, tingnan ninyo ang lalake ay ulol: bakit nga ninyo dinala siya sa akin? 15 Kulang ba ako ng mga ulol, na inyong dinala ang taong ito upang maglaro ng kaululan sa aking harapan? papasok ba ang taong ito sa aking bahay." (1 Samuel 21:11-15 KJV)*** Sa pagtugon sa makapangyarihang pagliligtas na iyon at pagkilos ng Dios, sa matapat na pagtugon ni David sa Dios sinulat at inawit sa PANGINOON ang ***Awit 34***.

"1 AkingAking pupurihin ang PANGINOON sa buong panahon: ang pagpuri sa kaniya ay laging sasa aking bibig." (Awit 34:1 KJV): Dahil iniligtas ng Dios ang kanyang buhay noon, karapat-dapat na igalang siya ni David. Hindi lang kay David, kundi pati na rin sa bawat isa sa atin; huwag kalimutang tinulungan ka na ng PANGINOON nang madalas at paulit-ulit kang iniligtas at pinotrektahan mula sa mga masasamang tao. Sa bawat pagkakataon na gumagawa ang Dios para iligtas ang iyong buhay, umawit ka para sa Kanya, purihin Siya at ipahayag ang Kanyang kabutihan at katapatan sa mga tao sa paligid mo at sa buong mundo.

"2 Ang aking kaluluwa ay maghahambog sa Panginoon: maririnig ng maamo at masasayahan." (Awit 34:2 KJV) Iyon ang pasya ni David at ang kanyang paninindigan upang luwalhatiin ang PANGINOON at ipatotoo ang kanyang kabutihan sa kung anong ginawa Niya sa buhay ni David. Maaaring may ilang tao na mababahala, lalo na ang kanyang mga kaaway, kapag narinig nilang iniligtas ng Dios ang buhay ni David. Ngunit para kay David, hindi niya iniintindi ang opinyon ng ganoong mga masamang tao na walang pagpapahalaga sa Salita ng Dios. Para sa kanya, ang kanyang patotoo ay makapagbibigay-inspirasyon sa mga mapagpakumbaba at mahihirap sa espiritu, at makakatulong sa kanila na magtiwala pa nang higit sa Dios at hikayatin silang patuloy na tawagin ang pangalan ng PANGINOON para sa kaligtasan, naniniwala na kaya Niya ito para sa kanila tulad ng ginawa Niya para kay David.

Habang binabasa natin ang ginawa ng Dios para kay David at paano Niya malahimalang iniligtas siya at sinagip siya mula sa mga banta ng kaaway, nagagalak ang ating puso at naibalik ang ating pag-asa at nakakatiyak na ang Dios na nagtrabaho para kay David ay gagawin din ito para sa atin ngayon. * Kaya mahikayat ngayon at magsimulang purihin ang Dios at magpatotoo tungkol sa Kanya para hikayatin ang iba at ang mga mapagpakumbabang tao sa paligid mo na magtiwala sa Dios.

"3 Oh dakilain ninyo na kasama ko ang PANGINOON, at tayo'y mangagbunyi na magkakasama ng kaniyang pangalan." (Awit 34 KJV) Purihin natin ang Dios sa Kanyang mga nagawa; tinatawag ni David ang mga tao sa paligid niya na luwalhatiin ang pangalan ng Panginoon, na sinasabing, ***"tayo'y mangagbunyi na magkakasama ng kaniyang pangalan."*** Ang pagluwalhati sa Dios ay dapat maging nakakahawa na bagay na gusto nating gawin habang nakikita natin ang Kanyang mapagpalang kamay na umaabot sa atin at inililigtas tayo mula sa mga problema, at kailangan nating anyayahan ang iba na gawin din ang parehong bagay.

"4 Aking hinanap ang PANGINOON, at sinagot niya ako, at iniligtas niya ako sa lahat ng aking mga katakutan." (Awit 34:4 KJV): Isinulat dito ni David ang ginawa ng PANGINOON sa kanya. Nang hinanap niya ang PANGINOONG DIOS iniligtas Niya siya mula sa lahat ng kanyang mga takot. Kung sisimulan mong magtiwala sa Dios at hanapin Siya ng buong puso, kayang iligtas ka ng Dios mula sa lahat ng takot mo at alisin ang lahat ng iyong pangamba.

Iba-iba ang uri ng takot ng mga tao tungkol sa hinaharap, tungkol sa kalusugan, pera, edad, pagkabahala sa mga anak, pagkabahala sa pamilya, at iba pa. Pero kayang makialam ng Dios sa kanilang buhay at magdala ng kapayapaan at katiyakan sa kanilang isipan. Ganoon din sa iyo, anumang takot na maaaring harapin mo, ang pangako ni Jesus ay nariyan para sa iyo. ***"27 Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man." (Juan 14:27 KJV)*** Ipinangako ni Jesus na ipagkakaloob at iiwan sa iyo ang kapayapaan. Sinabi rin Niya na hindi Niya ipagkakaloob sa iyo ang kapayapaan sa paraan ng pagbibigay ng mundo sa paligid mo. Kaya kung iiwasan mo ang lahat ng kasamaan at susundin ang lahat ng aral na natutunan mo mula sa ***Awit 34***, magiging iyo ang kapayapaan.

"5 Sila'y nagsitingin sa kaniya, at nangaliwanagan: at ang kanilang mukha ay hindi malilito kailan man." (Awit 34:5 KJV): Yung mga nagtitiwala sa Dios, hindi Niya sila hahayaan na mapahiya. Ngayon, yung mga tao, nagtitiwala sila sa ibang tao, posisyon, pera, kwalipikasyon, kapangyarihan, ngunit lahat ng ito pwedeng hindi makatulong sa kanilang buhay at maaari silang mapahiya. Yung mga nakatuon ang mata kay Jesus at sa Kanyang Salita at patuloy na sinusunod ang sinasabi ng Kanyang Salita, ang PANGINOON ang magtataguyod sa kanila sa pamamagitan ng Kanyang biyaya. Ganun din, ituon ang iyong paningin kay Jesus, sundin ang Kanyang Salita at hindi ka kailanman mapapahiya.

"6 Itong abang tao'y dumaing, at dininig siya ng PANGINOON. At iniligtas siya sa lahat niyang mga kabagabagan." (Awit 34:6 KJV) Ang mahirap na tao ay ang taong walang kakayahan na ipaglaban ang kanyang sarili at ang kanyang mga karapatan. Maaaring wala siyang kapangyarihan, pera, posisyon, o mga taong tutulong sa kanya. Pero dahil tumawag siya sa Dios at dininig siya ng PANGINOON, hindi na siya mahirap na tao dahil iniligtas siya ng Dios sa lahat ng kanyang problema. Sa parehong paraan, tawagin mo rin ang Dios at ililigtas ka Niya sa lahat ng iyong mga suliranin.

May mga tao nagkakaroon sila ng mga kaibigan na may impluwensya o mayaman at may mataas na posisyon, iniisip na makakatulong sa kanila ang mga taong iyon kapag sila ay may problema. Ngunit hindi ganun kadalas sa realidad. Kapag inilagay mo ang tiwala mo sa ganitong bagay, kalaunan, gagawin ng Dios na ang mismong bagay na pinagtiwalaan mo ay gagamitin ng Dios para pababain ka, para malaman mo na kailangan mo lang talagang magtiwala sa Dios. Maaaring gamitin ng PANGINOON ang tao, pera, posisyon, kapangyarihan, atbp., para iligtas ka sa problema, ngunit kailangan mo mismo na ilagay ang pagtitiwala mo sa Dios lamang at hindi sa ibang bagay.

"7 Ang anghel ng PANGINOON ay humahantong sa buong palibot ng nangatatakot sa kaniya, at ipinagsasanggalang sila." (Awit 34:7 KJV) Ang anghel ng Dios ginagamit PANGINOON upang protektahan at iligtas ang Kanyang bayan, ang mga taong may takot sa Kanya. Ang anghel ng Dios ay nakapaligid o palaging nandiyan sa paligid ng mga may takot sa PANGINOON. * Kaya naman, ang magkaroon ng takot sa PANGINOON ay hindi paggawa ng kasamaan kundi paggawa ng kinakailangang mga bagay sa iyo na titiyakin na ang anghel ng Dios ay nasa iyong tabi upang tulungan ka at protektahan ka. * Habang tayo ay itinalaga upang magmana ng kaligtasan sa pamamagitan ng dugo ni Jesus at ang ating pananampalataya sa Kanya at ang ating pagsunod sa Kanyang Salita, naroroon ang mga anghel ng Dios sa paligid natin upang tulungan tayo: ***"14 Hindi baga silang lahat ay mga espiritung tagapaglingkod, na mga sinugo upang magsipaglingkod sa kapakinabangan ng mangagmamana ng kaligtasan?" (Hebreo 1:14 KJV) "11 Sapagka't siya'y magbibilin sa***

kaniyang mga anghel tungkol sa iyo, upang ingatan ka sa lahat ng iyong mga lakad. 12 Kanilang dadalhin ka sa kanilang mga kamay, baka matisod ka ng iyong paa sa isang bato." (Awit 91:11-12 KJV)

"8 Oh inyong tikman at tingnan ninyo na ang PANGINOON ay mabuti: mapalad ang tao na nanganganlong sa kaniya." (Awit 34:8 KJV) Ang salita dito ni David sa kanyang patotoo ay hikayatin tayo na maniwala at magtiwala na mabuti ang Dios, at matamasa kung paano Siya makagagawa ng magagandang himala para sa atin at tulungan tayo sa ating buhay at ibigay ang lahat ng mababuting bagay para sa atin na may takot sa Kanya. Lasapin at tingnan ang kabutihan ng Dios at masaksihan ang mga himala at mga kababalaghan ng Dios habang nagtitiwala ka sa Kanya at nabubuhay sa takot sa Kanya.

mapalad ang tao na nanganganlong sa kaniya." Mapalad ang sinumang nangangalong sa Kanya. Kung sasanayin mo ang iyong sarili na tumakbo sa PANGINOON sa panahon ng iyong mga problema, ikaw ay pagpapalain ng PANGINOON. Maaaring tumakbo ang mga tao sa panahon ng kanilang problema sa mga kaibigan, kapitbahay, kamag-anak, doktor, ospital, bangko, pulis, atbp. Pero hayaan natin na sanayin natin ang ating mga sarili na tumakas sa PANGINOON.

"9 Oh mangatakot kayo sa PANGINOON, kayong mga banal niya: sapagka't walang kakulangan sa kanila na nangatatakot sa kaniya." (Awit 34:9 KJV) * Ang takot sa Dios at pagsunod sa Kanya ay aalis sa ating buhay ang ibang takot, tulad ng takot na mawalan ng mahahalaga at mahalagang bagay sa buhay. * Kapag natakot ka sa Dios, hindi ka magkukulang sa mabuting kalusugan, kapayapaan ng isip, pang-araw-araw na kabuhayan, karunungan sa paglutas ng problema, gabay sa tamang hakbang sa tamang oras, pabor sa mata ng Dios at ng tao, at sa banal na kapangyarihan na nagbigay sa atin ng lahat ng kailangan natin para sa isang maka-Dios na buhay sa pamamagitan ng ating kaalaman sa Kanya na tumawag sa atin sa Kanyang sariling kaluwalhatian at kabutihan.

* Kung gusto mong mabuhay para sa Dios, nandiyan Siya para sa iyo at sa tabi mo upang suportahan ka sa iyong buhay. Kahit ano pa man ang iyong espiritwal na kalagayan sa buhay ngayon, habang ipinagkakatiwala mo ang iyong sarili sa Dios, Siya ay tatayo sa iyong tabi, tutulungan ka, at susuportahan ka sa iyong pamumuhay at mga pakikibaka. * Ang iyong mga takot ay Kanyang haharapin, mapapanatag ka, at bibigyan ng katiyakan para sa iyong kasalukuyan at hinaharap na buhay. * Ang iyong mga problema ay Kanyang hahawakan at lutasin, at ang iyong mga emerhensiya ay Kanyang aalagaan habang nagtiwala ka sa Kanya at manganlong sa Kanya.

Si Haring David ay may malaking karanasan sa PANGINOON dahil ipinagkaloob niya sa kanya ang malaking pagliligtas sa pamamagitan ng pangangalaga sa kanya mula sa kamay at kapahamakan ng lahat ng kanyang mga kaaway. Kaya't si David ay umawit at sinulat ang ***Awit 34*** mula sa kanyang malaking karanasan sa PANGINOON kung saan itinuturo niya sa atin kung paano ipamuhay ang ating mga buhay para sa Dios. Sinulat ni David sa atin: ***"11 Magsiparito kayo, kayong mga anak, dinggin ninyo ako: aking tuturuan kayo ng pagkatakot sa Panginoon." (Awit 34:11 KJV)*** Ang pagkatakot sa Panginoon ay pinaka mahalagang bagay sa ating buhay. Kung ang tao ay walang takot sa Dios, ano na nga ba ang pag-asa na natitira para sa ganitong tao! ***"7 Ang takot sa Panginoon ay pasimula ng kaalaman: nguni't ang mangmang ay humahamak sa karunungan at turo." (Kawikaan 1:7 KJV)***

"12 Sinong tao ang nagnanasa ng buhay, at umiibig sa maraming kaarawan upang makakita siya ng mabuti?" (Awit 34:12 KJV) Iyan ang hamon na inilatag ni David sa harap natin, na kung nais nating magkaroon ng mabuting buhay at makalampas sa maraming magagadang araw, may kondisyon tayong kailangang tuparin, at ito ay tulad ng sumusunod:

"13 Ingatan mo ang iyong dila mula sa masama. At ang iyong mga labi sa pagsasalita ng karayaan." (Awit 34:13 KJV) Kailangang malinis ang iyong pananalita at iwasan ang mga biro, maruming salita, at masasakit na salita. Dapat tayong maging maingat na alisin ang kasinungalingan sa ating buhay at sa pakikitungo sa mga tao sa paligid natin. Kailangan mong linisin ang iyong puso mula sa mga basura upang maging malinis ang iyong pananalita. ***"19 Sapagka't sa puso nanggagaling ang masasamang pagiisip, mga pagpatay, mga pangangalunya, pakikiapid, mga pagnanakaw, mga pagsaksi sa di katotohanan, mga pamumusong:" (Mateo 15:19 KJV)*** Kung ang iyong pananalita ay may ganitong mga bagay, ibig sabihin ay hindi malinis ang iyong puso at sa ganitong paraan ay malayo sa iyo ang mga biyaya ng Dios. Kaya simula ngayon kailangan mong linisin ang iyong puso, isipan, at buhay mula sa galit, pagpaplanong masama, paghihiganti, away, imoralidad at masasamang kaisipan, pagnanakaw, pandaraya, pangingikil, paninira, paninirang-puri, pagiging maling saksi, at paninirang-Dios at sa Kanyang Salita.

"14 Lumayo ka sa kasamaan, at gumawa ka ng mabuti; hanapin mo ang kapayapaan at habulin mo." (Awit 34:14 KJV) Lumayo ka sa paggawa ng masama at kasamaan. Hanapin ang kapayapaan at iwasan ang alitan at

kaguluhan, kahit pa ang mga nasa paligid mo ay naghahanap ng pagtatalo, pero ikaw ay pumili ng ibang daan at lumayo upang iwasan ang sagupaan at alitan.

"15 Ang mga mata ng PANGINOON ay nakatitig sa mga matuwid, at ang kaniyang mga pakinig ay nakabukas sa kanilang daing." (Awit 34:15 KJV): Binabantayan ng Dios ang iyong buhay hangga't ikaw ay namumuhay nang MATUWID para sa Kanya. Kaya't kapag may mga taong sinusubukang manakit o gumawa ng masama laban sa iyo, hindi mo na kailangang sumagot o gumanti dahil binabantayan ng Dios ang iyong buhay at nandiyan Siya para iligtas ka mula sa mga kamay ng masasamang tao. Nakikinig ang Dios sa iyong daing; labis Siyang nagmamalasakit sa iyong kapakanan at nandiyan Siya para tulungan ka.

"16 Ang mukha ng PANGINOON ay laban sa kanila na nagsisigawa ng kasamaan, upang ihiwalay ang alaala sa kanila sa lupa." (Awit 34:16 KJV) Mismong ang Dios ang gagawa niyon para sa iyo, at hindi mo na kailangan pang makipaglaban o makipagtalo sa mga masamang tao. Nandiyan ang PANGINOON para parusahan sila at harapin ang kanilang kasamaan. Sa huli, hindi mo na sila makikita sa paligid mo; hihiwalayin sila ng Dios sa lupain.

"17 Ang matuwid ay nagsidaing, at dininig ng PANGINOON, at iniligtas sila sa lahat nilang mga kabagabagan." (Awit 34:17 KJV) Iyan ang magiging patotoo ng MATUWID NA TAO na kapag siya ay nananalangin at humihingi sa Diyos, pinakikinggan siya ng Panginoon at inililigtas siya at inilalabas siya sa lahat ng kanyang mga problema. At iyan ang halaga ng pamumuhay ng MATUWID na buhay. Nandiyan ang Dios para iligtas ka sa lahat ng iyong mga problema; mapa-pera man, kalusugan, hinaharap, buhay pamilya, buhay may asawa, trabaho o propesyon.

"18 Ang PANGINOON ay malapit sa kanila na may bagbag na puso, at inililigtas ang mga may pagsisising diwa." (Awit 34:18 KJV) Malapit ang Dios sa mga dumaranas ng problema at mabibigat na pagsubok. Kung ngayon ay nahihirapan ka sa mga problema na lumalampas sa iyong kakayahan para kontrolin at pamahalaan, alamin mo lang na malapit ang Dios sa'yo ngayon at nasa tabi mo para tulungan kang makalabas sa sitwasyong nagpapahirap sa'yo, ***"Mapapalad ang nangahahapis: sapagka't sila'y aaliwin." (Mateo 5:4 KJV)*** At iyon ang katiyakan na meron tayo mula sa Salita ng Dios, ***"19 Marami ang kadalamhatian ng matuwid; nguni't inililigtas ng PANGINOON sa lahat." (Awit 34:19 KJV)*** Haleluya at salamat po PANGINOON.

"20 Kaniyang iniingatan ang lahat niyang mga buto: wala isa man sa mga yaon na nababali." (Awit 34:20 KJV) Ang hulang ito ay tinupad sa buhay ng Panginoong Jesus Cristo. Nang ipinako nila Siya sa krus, hindi nila binali ang Kanyang mga buto katulad ng ginawa ng mga sundalo sa ibang dalawang magnanakaw. ***"33 Nguni't nang magsiparoon sila kay Jesus, at makitang siya'y patay na, ay hindi na nila inumog ang kaniyang mga hita:" (Juan 19:33 KJV)*** Dahil si Jesus ay matuwid, natupad ang mga pangako ng Dios sa Kanyang buhay. Sa parehong paraan, kung mamumuhay tayo ng matuwid para sa Dios, matutupad din ang lahat ng mga pangako ng Dios sa ating buhay.

"21 Papatayin ng kasamaan ang masama: at silang nangagagalit sa matuwid na tao ay kikilanling may sala." (Awit 34:21 KJV) Yung mga gumagawa ng kasamaan at namumuhay sa kasamaan, tatapusin ng kasamaan ang kanilang buhay; at ang kaaway ng matuwid na Dios ay hahatulan. Ngunit, ***"22 Tinutubos ng PANGINOON ang kaluluwa ng kaniyang mga lingkod: at wala sa nagsisipagkanlong sa kaniya ay kikilanling may sala." (Awit 34:22 KJV)*** Magtiwala sa Dios, tutubusin Niya ang iyong kaluluwa, para sa mga nagtitiwala sa Kanya, hindi sila kailanman mapapahiya o matatalo.

Sa aking Mahal at Minamahal: "10 Ang mga batang leon ay kinakapos at nagtitiis ng gutom. Nguni't silang nagsisihanap sa PANGINOON ay hindi kukulangin ng anomang mabuting bagay." (Awit 34:10 KJV) Kahit mahirap ka at maaaring walang pera, kapangyarihan, kaibigan, o posisyon na nakakaimpluwensya; kahit walang nagnanais sa iyo o pabor sa iyo, nandiyan pa rin ang Dios at susuportahan ka Niya. Ang payo ko sa iyo ay magtiwala sa Dios, dahil tutulungan ka Niya, ililigtas ka, susuportahan ka, at itatatag ka habang ibinibigay mo ang buong pagtitiwala mo sa Kanya. Mula ngayon, simulan mong hanapin ang Dios at lumapit sa Kanya. Sundin mo Siya at mararanasan mo ang kabutihan ng Dios sa iyong buhay, at hindi ka kukulangin ng anumang mabuting bagay.

Manalangin tayo…

Ang aking Panalangin: *Amang Dios Ako'y lumalapit sa pangalan ng Jesus na namatay sa Krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Salamat sa iyong nakakahikayat at Salita na nagdala sa akin ng muling pagkabuhay na kailangan ko ngayong araw para muling magtiwala sa iyo. Panginoon, salamat sa iyong Salita na nagbigay sa akin ng kapayapaan at katiyakan na ikaw ay nasa aking tabi at tutulungan mo ako sa aking buhay at mga pakikibaka. Panginoon, salamat sa lahat ng iyong mga pagpapala at pangako sa akin. Panginoon, salamat sa iyong Salita na malinaw*

na ipinakita sa akin ang aking buhay at kung paano mo nais na ito'y aking isabuhay para sa iyo. Panginoon, salamat sa lahat ng turo, pagsaway at pagtutuwid na natanggap namin sa mensaheng ito.

Magsisi ka at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan. Talikdan ang iyong kakulangan sa pananampalataya at pagtitiwala sa Dios. Magsisi sa paggawa ayon sa iyong sariling kalooban at plano at sa pagkakaroon ng sariling solusyon. Magsisi sa inggit at paninibugho. Magsisi sa iyong pagsisinungaling, pandaraya, pagnanakaw, panlilinlang, tukso, pangangalunya, imoralidad at iba pang gawa ng laman. Magsisi at talikdan ang pagsunod sa daan ng mga masama. Magsisi sa iyong kapalaluan, galit, paghihiganti at mga pagtatalo. Talikdan ang iyong ugnayan sa mga hindi nananampalataya at pag-aaksaya ng oras sa Media. Magsisi sa pagiging makamundong tao at sa iyong pagmamahal sa materyal na bagay. Magsisi sa kakulangan ng iyong panalangin at pagbabasa ng Salita ng Dios. Panginoon, ako'y nagsisisi, patawarin mo ako, tinatakwil ko ang mga sumusunod na kasalanan _____.

Panginoon bigyan mo ako ng pagpipigil ng sarili at pagtitiyaga upang lakarin ang landas na itinakda mo para sa akin. Panginoon, bigyan mo ako ng higit pa sa bunga ng Banal na Espiritu, pagmamahal, kagalakan, kapayapaan, kabaitan, kaalaman, pananampalataya, kababaang-loob, pagtitiyaga, matiisin, at pagpipigil sa sarili upang makita ng mga tao si Cristo sa aking buhay. Panginoon, ako'y nangangalong sa iyo, iniaalay ko ang mga sumusunod na takot at problema _____. Pakiusap Panginoon, lutasin mo ito at iligtas mo ako mula sa lahat ng aking mga problema at kaaway, nagtitiwala ako sa iyo na kaya mo itong lutasin para sa akin.

Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili para pagsilbihan ka at upang ipamuhay ang aking buhay ayon sa iyong plano upang maisakatuparan ang iyong layunin para sa aking buhay, ito ang lahat ng hinihiling at idinadalangin ko sa pangalan ni Jesus, Amen.

Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at nilinis ang kanilang puso, isip, at kaluluwa, at inialay ang kanilang buhay at paraan upang mamuhay sa katotohanan ng iyong Salita. Panginoon, pagkalooban mo sila ng kapayapaan, pangalagaan sila, harapin ang kanilang mga kaaway, at ibigay ang kanilang mga pangangailangan. Panginoon, pagpalain mo sila at pagpalain ang kanilang mga pamilya at mga anak at pagpalain ang mga gawa ng kanilang mga kamay. Panginoon, patatagin mo sila sa buhay na ito, protektahan mula sa lahat ng masasamang tao, at ibigay ang kanilang mga pangangailangan upang patuloy silang makapaglingkod sa iyo at maging mabuting halimbawa sa iba na sumunod sa iyo.

Panginoon, pagpalain mo kami bilang iyong simbahan at tulungan mo kaming patuloy na lumakad sa iyong mga daan, at ilayo mo kami sa lahat ng tukso at protektahan mo kami mula sa masasama. Panginoon, ilayo mo kami sa anumang alitan at kaguluhan. Panginoon, habang patuloy naming hinahanap ka, tugunan mo ang lahat ng aming pangangailangan nang wala kaming kulang. Panginoon, punuin mo muli kami ng iyong Banal na Espiritu, at gabayan mo kami sa pangangaral upang maabot at mapaglingkuran ang mga bagong tao, upang makagawa ng mga bagong disipulo at magturo ng mga bagong manggagawa, magtayo ng mga bagong pag-aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon, iligtas mo kami mula sa aming mga problema at harapin ang aming mga kaaway. Panginoon, ihanda mo kami para sa iyong pagparito upang makasama ka kapag dumating ka. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas mo kami mula sa kapahamakan upang hindi kami maramdaman ang sakit. Nawa ang ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay sumain sa amin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com